REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-03**

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA PANGULO NG PILIPINAS, KGG. FIDEL V. RAMOS NA PANATILIHIN SA KANYANG POSISYON SI DIREKTOR ERIBERTO MISA BILANG DIREKTOR NG KAWANIHAN NG PAGWAWASTO (BUREAU OF CORRECTIONS).**

*******************************************************************

**SAPAGKAT,** si DIREKTOR ERIBERTO MISA ay may sapat na kakayahan, karanasan at pinag-aralan upang pamahalaanan ang Kawanihan ng Pagwawasto (Bureau of Corrections);

**SAPAGKAT,** sa panahon ng panunungkulan sa nasabing Kawanihan ni Direktor Misa, siya ay kinakitaan ng lubos ng kasipagan, dedikasyon, kahusayan ay kadalisayan para sa higit na ikabubuti ng pamamahala sa mga pambansang piitan;

**SAPAGKAT,** ang paglilingkod ni Direktor Misa ay walang bahid na kadungisan, manapa'y nababalot ito ng wagas at walang pag-iimbot na panunungkulan;

**SAPAGKAT,** ang mga kawani ng Kawanihan, maging ang mga nasa loob ng piitan ay lubos na nasisiyahan sa maayos na pamamalakad ni Direktor Misa na marapat lamang bigyan ng pagpapahalaga at pagsasaalang-alang;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na hilingin sa Pangulo ng Pilipinas, KGG. FIDEL V. RAMOS na panatilihin sa kanyang posisyon si Direktor Eriberto Misa bilang Direktor ng Pagwawasto (Bureau of Corrections) at napagpasiyahan pa rin na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kagalang-galang na Kalihim ng Kagawaran ng Katarungan para pa rin sa kaukulang pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY** ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang ikalawang regular na pulong na ginanap noong ika-13 ng Hulyo, 1992 sa Session Hall, People's Center, Bayan ng Muntinlupa.

Pahina - 2 -
Kapasiyahang Bilang 92-03

**MGA NAGPANUKALA**

KGG. ROGER C. SMITH
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. ARTURO S. BUNYI
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. NOLASCO L. DIAZ
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
KGG. REY E. BULAY
KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.

PINATUNAYANG TOTOO AT WASTO :

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pangalawang Punongbayan/**
**Pangulong Opisyal**

PINATOTOHANAN :

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

PINAGTIBAY :

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**